# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ______________________ Antas/ Baitang: ___________ Puntos: _________
Paaralan: ____________________ District / Cluster: __________ Division: ____________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 3** **Quarter: 3**

- Natutukoy ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga at ang mga halimbawa ng mga ito
- Nakagagawa ng hagdan ng sariling pagpapahalaga batay sa Hirarkiya ng mga Pagpapahalaga ni Max Scheler.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Nauunawaan ng mag-aaral ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga;
2. Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng antas ng pagpapahalaga;at
3. Naisasagawa ng mag- aaral ang paglalapat ng mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng kaniyang mga pagpapahalaga.

## Panimula

**Basahin ang teksto:**

Bilang isang nagdadalaga at nagbibinata, mahalagang malaman mo na kung ano ang kabuluhan ng ating buhay. Hindi sapat na tayo ay basta na lamang isilang at mabuhay sa mundong ito. Sa iyong paglaki, unti unti mo nang napipili ang mga bagay na mahalaga sa iyo. Mahalagang magkaroon ka din ng kamalayan sa pagpili ng mga bagay na pinapahalagahan sa buhay.

Ang bawat pagpapahalaga ay may tamang antas at hirarkiya ayon kay Max Scheler (Dy, M. Jr., 1994). Naniniwala syang ang "puso" ng tao ay kayang magbigay ng kanyang sariling katuwiran na maaring maunawaan ng isip. Ayon sa kanya, may apat na Hirarkiya ng Pagpapahalaga. Ang una ay Pandamdam na Pagpapahalaga (Sensory Values). Ito ang pinakamababa at tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao. Ang pangalawa ay ang Pambuhay na Pagpapahalaga (Vital Values) na may kinalaman sa mabuting kalagayan ng buhay. Ito ay mga pagpapahalaga ng tao sa kanyang kaayusan. Pangatlo ay ang Ispiritwal na Pagpapahalaga (Spiritwal Values), ito naman ay tumutukoy sa kabutihan ng karamihan. Ang pang-apat at pinakamataas ay ang Banal na Pagpapahalaga (Holy Values) na tumutukoy naman sa paghahanda ng tao sa pagharap niya sa Diyos.

Sa pagbuo ng iyong pagkatao, mahalagang malinaw sa iyo na nakasalalay ito sa pagkakaroon ng kaalaman at kahandaan na pumili ng tamang bagay na iyong papahalagahan na nababatay sa moralidad.

*Sources: Edukasyon sa Pagpapakatao Kagamitan ng Mag-aaral (pahina 187- 200)*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**

Panuto: Ikahon ang mga salitang iyong makikita sa larawan na may kaugnayan sa mga bagay na mahalaga sa iyo.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | T | P | A | G | K | A | I | N | A | K |
| I | B | I | P | A | M | I | L | Y | A | A |
| N | L | G | R | B | R | S | T | P | T | S |
| Y | T | I | M | A | D | B | A | R | U | A |
| A | F | A | R | E | H | Y | R | R | B | L |
| G | A | D | B | A | A | A | E | D | I | G |
| S | R | E | W | P | S | W | N | A | G | E |
| E | P | A | A | R | A | L | A | N | W | S |
| D | W | N | K | A | I | B | I | G | A | N |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Salungguhitan ang pahayag na nagpapakita ng iyong mga pagpapahalaga.

1. Pagsisimba tuwing araw ng Linggo o pananatili sa bahay upang makapagpahinga.
2. Pagbabantay sa iyong maliit na kapatid o pakikipaglaro sa kaibigan.
3. Paninigarilyo na nakakapagbigay ng kasiyahan sa iyo o pagkain ng masustansiyang pagkain na may magandang dulot sa iyong katawan.
4. Pag-aasawa ng maaga o pagtatapos ng pag-aaral upang makatulong sa magulang.
5. Pag-iipon para sa kinabukasan o pagbili ng masarap na pagkain sa tuwing may sobrang salapi.

# Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Pumili ng mga tamang sagot mula sa mga salita na nasa kahon sa ibaba.

________________1. Ito ay isang Hirarkiya ng Pagpapahalaga na nangangahulugang Order of the Heart na nabuo ni Scheler.

________________2. Kasama sa pagpapahalagang ito ay ang mga rangya o luho ng isang tao katulad ng mamahaling alahas, magarang sasakyan o mamahaling mga bag at sapatos.

________________3. Ito ang itinuturing na pinakamataas na pagpapahalaga sapagkat ito ay tumutukoy sa kahandaan ng tao sa kanyang pagharap sa Diyos.

________________4. Ang ipinapakita ng pagpapahalagang ito ay ang mga bagay na makapagbibigay ng kaayusan at mabuting kalagayan.

________________5. Bahagi ng tao na kayang magbigay ng kanyang sariling katuwiran na maaaring hindi mauunawaan ng isip.

| | | |
|---|---|---|
| Ordo Moris | Pandamdam | Puso |
| Ispiritwal | Pambuhay | |

## Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**
Panuto: Pag-aralan ang talahanayan sa ibaba. Piliin ang mga halimbawa ng mga pagpapahalaga na makikita sa loob ng kahon at ilagay ito sa naangkop na Hirarkiya.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Damit | tirahan | magarang sasakyan | Pagkain | pagpapahinga |
| Bakasyon | Kapayapaan | Katarungan | Katotohanan | Kabanalan |
| Masustansyang Pagkain | | Malusog na Pangangatawan | | Bagong sapatos |

| SENSORY VALUES | VITAL VALUES | SPIRITUAL VALUES | HOLY VALUES |
|---|---|---|---|
| | | | |

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

Panuto: Pag-isipan ang iyong mga kasalukuyang Pagpapahalaga. Pumili ng Lima (5) sa mga ito. Punan ang talahanayan sa ibaba na naaayon sa mga ito.

| **Kasalukuyang Pagpapahalaga** | **Antas ng Pagpapahalaga (Lagyan ng tsek)** | | **Hirarkiya ng Pagpapahalaga ayon kay Max Scheler** |
|---|---|---|---|
| | Mataas | Mababa | |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

# REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

| |
|---|
| |

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

## Link and Reference

Edukasyon sa Pagpapakatao Kagamitan ng Mag-aaral (pahina 187- 200)